ISSN 2672-2879
Tomo 1 Blg. 4, Hulyo-Agosto 2019

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## Pagmamahal na walang kapantay

NI **CHARLENE JOANINO**

Lumipas man ang panahon, tunay na 'di matatawaran ang pagmamahal ng isang ama sa kanyang pamilya.

Mula sa pagiging sundalo, *Overseas Filipino Worker,* opisyal ng barangay, magsasaka, hanggang sa maging maggagatas, ang tanging hangad ni Ferdinand Jacinto "Nanding" Baltazar, 59, ng San Nicolas, Ilocos Norte ay mabigyan ng magandang buhay ang kanyang pamilya.

Bata pa lamang ay tinutulungan na niya ang kanyang ama sa pagsasaka ng bukirin na siyang pangunahing ikinabubuhay ng kanilang pamilya.

Nang makapagtapos sa sekondarya ay pumasok siya sa pagsusundalo noong 1970s. 'Di lumaon ay naging sarhento at nagkaroon ng sariling pamilya. Nang matapos ang Martial Law sa Pilipinas noong 1980s ay umalis siya sa pagkasundalo.

Hindi nagtagal ay nag-ibang bansa si Nanding upang masuportahan ang kanyang asawa at apat na anak. Siya'y naging manggagawa sa isang *dairy farm* sa Saudi Arabia.

Isa siya sa mga tagapangalaga ng taniman ng nasabing *farm*. Ilan sa mga tanim aniya dito ay *sorghum*, mais at *napier*. Bagama't panay baka ang ginagatasan sa kanyang pinasukan, dito siya unang namulat sa negosyong salig sa gatasan.

Pagkaraan ng dalawang taon, umuwi si Nanding sa Pilipinas at nagdesisyon na mamalagi rito. Sumuong siya sa pulitika at nanilbihan bilang isa sa opisyales ng kanilang barangay sa loob ng 20 taon.

Hindi naging madali ang lahat lalo't mas malaki ang kinikita niya sa ibang bansa. Habang opisyal ng barangay, nagsimula siyang magsaka at ang kanyang asawa na si Evangeline ay nagtrabaho naman sa National Tobacco Administration.

SUNDAN SA P. 3



## PCC patuloy sa pagsusulong ng 'gender mainstreaming'

NI **MA. CECILIA IRANG**

**Sinanay ng Philippine Carabao Center (PCC) ang mga empleyado nito sa isang *Gender and Development* (GAD) *training-workshop* para magsilbing mga pangunahing tagahimok ng *gender mainstreaming* sa ahensiya.**

Sa *gender mainstreaming*, nakatuon ang ahensiya sa pagbibigay ng de-kalidad na mga produkto at serbisyong ayon sa patas at pantay na pagkilala sa pagitan ng kababaihan at kalalakihan. Ito rin ay isang estratehiya sa paglalakip ng GAD *perspective* sa lahat ng programa, aktibidad, at proyekto ng ahensiya.

Ayon kay Ma. Theresa Sawit, PCC *GAD Focal Point System (GFPS) Undersecretary* at *Senior Science Research Specialist*, ito ang isa sa mga pangunahing layunin ng pagsasanay sa "Gender Sensitivity, Gender Analysis and GAD Tools" na ginanap noong Hulyo 10-12 sa PCC National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Aniya, ginagamit ang kilalang instrumento na

SUNDAN SA P. 2

## International Livestock Biotechnology Symposium, ginanap sa Iloilo City

NINA **JUSTINE JOY SALVADOR** AT **JOCEL DAM DOLFO**

**Upang mas lalo pang mapalawak at mapainam ang mga teknolohiya sa paghahayupan, isinagawa ang ika-apat na International Livestock Biotechnology Symposium sa Unibersidad ng San Agustin noong nakaraang Hunyo 15.**

Ito ay may temang "Demand-driven Innovation for Resilient Philippine Livestock Industry" at pinangunahan ng Department of Agriculture-Livestock Biotechnology Center (DA-LBC) sa pakikipagtulungan sa Philippine Carabao Center (PCC) sa West Visayas State University, University of San Agustin, at Department of Science and Technology - National Research Council of the Philippines Division XIII.

Ayon kay Dr. Claro Mingala, hepe ng DA-LBC, ang mga inisyatiba sa *research and development* ay makatutulong sa pagkakaroon ng sapat na pagkain sa kabila ng lumalaking

SUNDAN SA P. 3

## PCC patuloy sa... MULA SA P. 1




*Gender Mainstreaming Evaluation Framework* (GMEF) para makita kung gaano lubos na ginaganap ng isang organisasyon ang *gender mainstreaming* sa mga polisiya, tao, mekanismo, programa, aktibidad at proyekto.

"Ang pagsunod sa polisiya, gayunpaman, ay nangangailangan ng karagdagang kahusayan dahil wala pa sa mga miyembro ng GFPS ng PCC at mga lider ng programa o proyekto ang na-*orient* na kung paano gamitin ang *gender analysis tools*," ani Sawit.

Inimbitahan ng PCC si Arlene Pascual, *certified GAD trainer*, para sanayin ang mga kalahok sa *gender concepts* at ang aplikasyon nito partikular na ang gamit ng *gender analysis tools* tulad ng *Harmonized Gender and Development Guidelines* (HGDG) at iba't ibang mga *checklists* para sa GAD *mainstreaming* sa lahat ng mga programa, proyekto, at aktibidad ng PCC.

"Ang pag-unlad ay tungkol sa pagkakaroon ng buo at kasiya-siyang buhay para sa lahat at ito ay sama-samang responsibilidad. Lahat tayo ay may ambag dito," ani Pascual.

Binigyang-diin niya na ang mga proyektong pangkaunlaran ng PCC na isasagawa ay dapat tumutugon sa *gender issues* sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga puwang o pagkakaiba sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan at pag-unawa kung bakit nananatili ang ganitong mga problema.

Sa kabilang banda, ibinahagi naman ni PCC *Executive Director* Dr. Arnel Del Barrio ang pagsunod ng PCC ayon sa Magna Carta of Women (MCW) o RA 9710 at ang General Appropriations Act (GAA) sa pagbabalangkas ng taunan nitong mga plano at pondo sa GAD para sa pag-*mainstream* ng *gender perspectives*. Gayundin ay maglalaan ng hindi bababa sa 5% ng kabuuang pondo nito ang PCC sa mga gawaing may kaugnayan sa GAD.

"Mayroon na tayong mga programa, pagsasanay, at proyekto na kabilang ang mga lalaki at babaing kliyente natin kaya naman hindi naman talaga tayo nagsimula sa wala pagdating sa pagpapatupad ng mga gawain sa GAD. Ang problema lang natin ay kailangan pa nating paghusayin ang dokumentasyon para epektibo nating masuri ang mga datos na may kaugnayan sa GAD," ani Dr. Del Barrio.

Binigyang-diin din ni Dr. Del Barrio na ang kalabaw ay isang instrumento para sa pag-unlad. Ito ay nagsisilbing instrumento para matulungang mapabuti ang buhay ng mga kababaihan at kalalakihang magsasaka.

Ang pagsasanay ay kinapalooban ng mga talakayan, *workshops*, at pagpaplano para sa pagtatalaga ng paggamit ng HGDG sa PCC.

Ito ay nilahukan ng mga miyembro ng GAD *Focal Point System, research and development program* o *project leaders*, at ICT at *infrastructure project leaders.*

# PCC lumahok sa selebrasyon ng ika-70 anibersaryo ng Ipil, Zamboanga Sibugay

NI **DORIE BASTATAS**

Upang mas lalo pang mapagtibay ang pagtutulungan ng Philippine Carabao Center sa Mindanao Livestock Production Center (PCC@MLPC) at lokal na pamahalaan ng Ipil, nakiisa ang PCC@MLPC sa Agro-Trade Fair na bahagi ng walong araw na pagdiriwang ng ika-70 taon ng nasabing bayan.

Ang anibersaryo ay ginunita noong Hunyo 19-26 at may temang "Unity in Diversity". Ito'y dinaluhan ng mga kawani ng iba't ibang lokal at pambansang sangay ng gobyerno, mga organisasyong sibiko, at mga lokal na grupo. Sa Agro-Trade Fair nagpamahagi ang PCC@MLPC ng iba't ibang impormasyon ukol sa mga produkto at serbisyo nito. Namigay ito ng tulong teknikal, mga babasahin na may kinalaman sa pagkakalabaw at PCC, at mga kagamitan sa pagtatanim ng pakain sa kalabaw.

Layunin nito na mamahagi ng impormasyon at edukasyong pang-agrikultura at mapalawak ang ugnayan at kalakalan sa Ipil. Tampok sa naturang *Fair* ang iba't ibang lokal na produktong salig sa mga industriya ng agrikultura at dagat.



## Pagmamahal na... MULA SA P. 1

"Hindi baleng mahirap basta sama-sama ang pamilya," ito ang paniniwala ni Nanding kung kaya't siya'y nagsikap. Dahil sa sipag at tiyaga, napagtapos nilang mag-asawa ang kanilang mga anak sa kolehiyo.

Taong 2005 nang makilala ni Nanding si Arnold Corpuz, isang *artificial insemination technician* na siyang nagtulak sa kanya na pasukin ang kabuhayang salig sa kalabawan.

"Gusto ko noon na ipa-AI 'yong *native* na kalabaw ko para magkaroon ako ng kalabaw na may magandang lahi. Tinulungan ako ni Arnold na makipag-ugnayan sa Philippine Carabao Center sa Mariano Marcos State University (PCC@MMSU) sa pamumuno ni *Center Director* Grace Recta," pagbabahagi ni Nanding.

Sa ilalim ng programang paiwi ng PCC, napahiraman si Nanding ng apat na *purebred Italian Mediterranean buffaloes.* Nakatanggap siya ng *assistance* mula sa *center* tulad ng mga gamit pananim sa pakain ng kalabaw, nabahagian ng kaalaman sa kalabaw, at nakadalo sa pagsasanay.

Sa katunayan ay kabilang si Nanding sa mga nagsipagtapos sa "Farmers Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)" ng PCC noong 2017. Ang FLS-DBP ay isang pagsasanay na nagbibigay kaalaman sa iba't ibang teknolohiya na maaaring pamilian at gamitin ng mga kalahok dito base sa pangangailangan.

"Malaking tulong sa akin ang FLS-DBP kasi nalaman ko ang tamang pamamaraan ng pag-aalaga ng kalabaw. Naging maganda ang kalusugan ng aking mga alaga dahil nalaman ko 'yong iba't ibang uri ng damong pakain, mga sakit ng kalabaw at paano maiiwasan ang mga ito," ani Nanding.

Aabot sa siyam na kalabaw ang inaalagan ni Nanding ngayon. Sa apat na kalabaw ay nakakukuha siya ng 12-15 litro ng gatas na naibebenta niya ng Php50-85 kada litro. Siya ang nag-aalaga ng mga kalabaw habang ang kanyang asawa naman ang namamahala sa pagbebenta ng gatas, *processing* at *marketing* ng produkto mula sa gatas.

Mahigit isang taong nagproseso ang mag-asawa ng *pasteurized milk* at *chocomilk*. Ipinagbili nila ito ng Php80-85 kada litro. Gumawa rin sila ng *pastillas* na ipinapasa nila sa pamilihan sa halagang Php50 kada *box* na may 20 pirasong laman. Sa ngayon, nagbebenta na lamang sila ng sariwang gatas.

Nang iwan niya ang pagka-opisyal ay naging primaryang trabaho na ni Nanding ang paggagatas ng kalabaw.

"Bukod sa ang kita rito ay sapat sa pang-araw-araw na gastusin sa bahay, napasasaya rin ako nito lalo't may edad na ako," ani Nanding. Nakapagpundar siya ng dalawang sasakyan, at motor sa pagiging maggagatas.

Bukod sa gatas, paminsan-minsan ay ginagamit niya ang isa niyang kalabaw sa pagkakaryada kung pupunta sa bukid na sinasaka. Kung kaya't nakatutulong din ang kanyang kalabaw sa pagkakaroon niya ng dagdag kita.

"Pag gusto mo na maging maggagatas, dapat masikap ka kasi kailangan mong alagaan nang mabuti ang iyong mga kalabaw para marami rin silang gatas na ibigay sayo," payo ni Nanding sa mga gustong sumuong sa pagkakalabaw.

## International Livestock... MULA SA P. 1

pangangailangan ng mundo.

"Sa loob ng ilang taon, nakita natin ang pagpapahalagang ibinigay ng DA sa *biotechnology* bilang isang instrumento ng agrikultura na may malaking potensiyal na magbigay ng mga produkto at mga teknolohiya na makapagpapataas ng pagiging produktibo at kita sa nasabing industriya, "ani Dr. Arnel Del Barrio, PCC *executive director*, sa kaniyang mensahe.

Ang mga larangan na pinagtuunan ng pansin ay *agricultural biotechnology program, livestock production, animal breeding, antimicrobial resistance,* at *food-borne pathogens.*

Ang mga tagapagsalita na naimbitahan sa *symposium* ay mula sa Japan, Thailand, USA at Pilipinas.

Kabilang dito sina Marie Joy Olo-Jumalon, DA-Biotechnology Program; Yoko Kato, Kindai University, Japan; Dr. Gemerlyn Garcia, Central Luzon State University; Dr. Chie Nakajima, Hokkaido University, Japan; Dr. Gerard Dumancas; at Dr. Alona Badua, Central Luzon State University.

Samantala, ayon kay *DA-Biotechnology Program Project Management Officer* Olo-Jumalon, para maparami pa ang bilang ng mga siyentipiko at eksperto sa larangan ng *agri-biotech* sa Pilipinas, sila'y namamahagi ng *scholarship* sa Central Luzon State University, University of Southern Mindanao, Visayas State University, University of the Philippines Visayas, at University of the Philippines Los Baños. Aabot sa 64 ang kanilang napagkalooban ng *scholarships* simula 2014.

Higit 100 katao na kinabibilangan ng mga mananaliksik, siyentipiko at eksperto sa loob at labas ng bansa ang dumating sa nasabing *symposium.*

# *Stage* 2 CBIN *strategic planning* sa 5 probinsya sa Mindanao, isinagawa

NI **RODOLFO JR. VALDEZ**



**Nagsagawa ang Philippine Carabao Center sa USM (PCC@USM) ng *Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Stage 2 Strategic Planning workshop* noong July 22-24, 2019 sa Davao City.**

Layunin ng CBIN na isulong ang *local dairy industry* sa buong bansa. Ito ay sinuportahan ni Senator Cynthia Villar na siyang *Senate Committee on Agriculture and Food chairperson.*

Ang naturang aktibidad ay nilahukan ng mahigit 60 katao mula sa pamahalaang panlalawigan at panlungsod, at mga kwalipikadong kooperatiba mula sa mga probinsya ng Davao del Sur, Davao Oriental, Compostela Valley, South Cotabato at North Cotabato.

Pinangunahan ni *Deputy Executive Director* Dr. Caro Salces, kasama ang PCC@USM ang ginanap na CBIN *strategic planning.*

Layunin ng aktibidad na ipunin ang mga ideya ng mga kalahok ukol sa *Carabao Development Program*, pagbabalangkas ng mga estratehiyang mapaghuhusay ang implementasyon ng *Carabao-Based Enterprise Development Program*, at pagtukoy sa mga gawain kaugnay ng *Dairy Development Network Organizational Plan* sa bawa't probinsya.

Nagkaroon ng *stakeholders analysis* (SWOT: *Strength, Weakness, Opportunity, Threats)* upang tayain ang bawa't ahensiyang kasama sa proyekto. Kaugnay nito ang pagbalangkas ng *3-year operational plan* ng kada probinsya kung saan nakasaad ang mga partikular na aktibidad. Sa pamamagitan ng mga *workshop*, malinaw na naiplano ang mga susunod na hakbang sa proyekto.

"Bilang nasa Provincial Planning Development Section, mas madali na naming matutukoy ang aming magiging bahagi sa ikatatagumpay ng proyekto," ani Jennifer Bretana, *South Cotabato Planning Development coordinator.*

Samantala, nagkaroon naman ng pagkakataon sina PCC@USM *Center Director* Benjamin John Basilio at CBIN *Consultant* Eduardo Macalandag na ikutan ang South Cotabato, North Cotabato at Davao del Sur.

"Sa aming pagbisita, nakita namin ang positibong tugon at suporta ng bawa't lokal na pamahalaan sa programa. Makikita rin natin 'yong kasabikan ng mga kooperatiba dahil sa kanilang pagiging aktibo sa unang hakbang pa lang ng proyekto," ani Macalandag.

Layunin ng nasabing pagbisita na tukuyin ang kahandaan ng bawa't probinsya at kooperatiba sa implementasyon ng naturang proyekto.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!

## Ano ang *sweet sorghum* at bakit mainam itong pakain sa kalabaw?

*Isinalin sa wikang Filipino nina Daniel Aquino at Charlene Joanino*
*Isinulat nina Perla Florendo, Daniel Aquino, at Nomer Garcia*

Ang *sweet sorghum* ay isang uri ng damo na maaaring ipakain sa gatasang kalabaw. Ito ay may taglay na 16% *Brix (sugar content)*, 6.5 % protina, 4.5% taba, at 26-30% *fiber*.

Ang pagbuburo o *ensiling* ay isang pamamaraan na ginagawa upang masiguro ang magandang kalidad ng inimbak na *sweet sorghum* na laan sa panahong limitado ang masustansiyang damo.

## Paano magburo ng *sweet sorghum*?

- Gamit ang itak, anihin ang *sorghum* sa edad na 80-90 araw.
- Tadtarin ang *sorghum* sa haba na 10-20 cm gamit ang itak o makina *(chopper).*
- Mabilis na ilagay at punuin ang lalagyan o dram ng tinadtad na *sorghum.*
- Sabayan ng pagsiksik ang paglalagay ng tinadtad na *sorghum* sa pamamagitan ng pagtapak dito o sa tulong ng pangsiksik na kahoy.
- Kapag puno na ang silo o dram, takpan ito ng plastik at siguraduhing walang makapapasok na hangin. Maglagay ng pabigat na kahoy o bagay para lalong mapabilis ang pagburo nito.
- Tingnan o obserbahan ang *silage* kung ito ay may amag o sira ng daga lalo na kung *silage bag* ang ginamit sa pagbuburo.
- Maiiwasan ang pagkasira o pagbutas ng daga sa paglalagay nito sa *secure* na lugar.
- Pagkaraan ng 21 araw o higit pa, ang *silage* ay maaari nang ipakain ng puro o ihalo sa sangkap para makabuo ng rasyon sa kalabaw.

## Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagpapakain ng *sweet sorghum silage*?

- Kapag inumpisahan na ipakain ang burong *sorghum*, siguraduhing tuluy-tuloy ang pagpapakain nito hanggang maubos ito.
- Huwag laktaw-laktaw o magpaliban ng araw sa pagpapakain dahil nagkakaroon ng *secondary fermentation* o puwede ulit na mabuhay ang amag.
- Maaaring ihalo sa ibang sangkap ang burong *sorghum* para matugunan ang sustansiyang kailangan ng lumalaki o gatasang kalabaw.
- Kung sakaling may amag sa ibabaw ng buro, alisin o itapon ito at huwag nang ipakain sa hayop.


## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Philippine Carabao Center na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Ang salitang "impact zone", samantala, ay isang lugar o magkakalapit na mga lugar kung saan lahat ng kailangang sangkap para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kabuhayang salig sa kalabaw ay pinagsasama-sama sa layuning makalikha ng makahulugang pagbabago sa kanayunan at kalaunan ay sa kabuuang lipunan. Ang probinsya ng Nueva Ecija ang naitalaga na National Impact Zone habang ang piling mga bayan naman na nasasakupan ng *PCC regional centers* ang tinaguriang Regional Impact Zones.



## PATNUGUTAN

**Patnugot:** Eric P. Palacpac
**Tagapamahalang Patnugot:** Rowena G. Bumanlag
**Tagapamahala sa Isyung Ito:** Charlene S. Joanino
**Manunulat:** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino
**Nag-ambag ng Artikulo:** Daniel L. Aquino, Dorie D. Bastatas, Jocel Dam A. Dolfo, Perla DC. Florendo, Nomer P. Garcia, Justine Joy D. Salvador, Rodolfo Jr. T. Valdez
**Layout:** Ma. Cecilia C. Irang, Khrizie Evert M. Padre
**Tagapamahala sa Sirkulasyon:** Charlene P. Corpuz
**Pinunong Tagapagpaganap:** Arnel N. Del Barrio